IV-3 Kalusugan at Pagpapagamot ng Sanggol

1. Pagpapagamot at pangangalaga sa sanggol

Mataas ang pamantayan ng pangangalaga at panggagamot sa mga sanggol sa bansang Hapon dahil pinakamababa ang dami ng namamatay na sanggol dito kumpara sa buong mundo. May mga ospital para sa mga bata, subalit makabubuting magpatingin muna sa pinakamalapit na pediatrician.

2. Pagbabakuna

Ang mga uri ng pagbabakuna ay nakasulat sa ibaba. Nakatakda ang araw at lugar ng pagbabakuna ayon sa munisipyo. Kapag nakapasa sa mga kondisyones, ang pagbabakuna ay walang-bayad at kinakailangan lamang ipatala ito sa Maternal and Child Health Handbook (Boshitecho).

Para sa detalye, sumangguni sa health center at iba pa ng inyong munisipyo. (⇒ IX-3　81page)

Bakuna	Panahon ng pagpapabakuna ayon sa batas
Tatlong klase magkahalo (Diptheria, Pertussis, Tetano)	Sa loob ng 3 na buwan ~ 90 na buwan mula sa araw ng pagsilang (unang bakuna) Sa loob ng 3 na buwan ~ 90 na buwan mula sa araw ng pagsilang (dagdag sa unang bakuna may pagitan ng mahigit 6 na buwan.)
Dalawang klase	11 ~ 13 na taong gulang
Polio	Sa loob ng 3 na buwan ~ 90 na buwan mula sa araw ng pagsilang
BCG	Sanggol na nasa 6 na buwan mula sa araw ng pagsilang
Tigdas o Measles	Sa loob ng 12 na buwan ~ 90 na buwan mula sa araw ng pagsilang
Rubella	Sa loob ng 12 na buwan ~ 24 na buwan mula sa araw ng pagsilang(unang bakuna) Mula 5 hanggang 7 taong gulang.　Para sa edad ng 1st yr.high school (pangatlong bakuna)(※3)　Para sa edad ng 3rd yr.Senior high school (pang-apat na bakuna)(※3).
Japanese encephalitis	Sa loob ng 6 na buwan ~ 90 na buwan mula sa araw ng pagsilang (unang bakuna)　Sa loob ng 6 ng buwan ~ 90 na buwan mula sa araw ng pagsilang (dagdag sa unang bakuna may pagitan ng isang taon mahigit) 9 ~ 13 taong gulang (pangalawang bakuna)

※1 Ang aktuwal na oras o panahon ng pagbabakuna ay magkakaiba ayon sa munisipyo. Para sa detalye, tingnan sa Maternal and Child Health Handbook o sumangnguni sa health center ng inyong munisipyo (Nasa ⇒ IX-3　81 ang listahan).

※2 Ang mga iba pang uri ng bakuna bukod sa nabanggit (tarangkaso, beki o mumps, bulutong-tubig, hepatitis, atbp.) ay may-bayad, kumonsultang mabuti sa mga medikal institusyon at magpabakuna.

※3 Ang sistemang ito ay simula ng taong 2008 at ito ay para sa limang taon lamang.

3. Pagpapatingin ng Kalusugan (Kenkohshindan)

Ang bawat munisipyo ay nagpapatupad ng libreng pagpapatingin ng kalusugan para sa mga sanggol na may 4 na buwan, 18 na buwan at 42 na buwan mula sa araw ng pagsilang. Ang oras ng eksaminasyon at proseso nito ay depende sa munisipyong kinabibilangan. Para sa higit na kaalaman tungkol dito ay mangyari lamang na sumangguni sa Health Center ng inyong munisipyo. Makakatanggap ng sulat o notisya para sa pagpapatingin na manggagaling sa tanggapan ng munisipyo.

4. Bayarin o Gastos para sa Pagpapagamot ng Sanggol o Bata

1) Tulong sa Pagpapagamot o Medical Assistance ng Sanggol o Bata

Ang bayarin o gastusin sa pagpapagamot ng isang sanggol o bata ay sinasaklaw ng health insurance ng mga magulang o tagapagtaguyod nito. Karaniwan, kinakailangang pasanin o bayaran ang 30 na porsiyento ng halagang inabot sa pagpapagamot. May mga munisipyo na tumutulong ng isang bahagi sa mga bayarin at gastusin sa pagpapagamot ng sanggol o bata. Sumangguni sa tagapangasiwa ng Child Welfare, Health and Hygiene Section, o National Health Insurance Section (⇒ Nasa Ⅸ-1 64 ang listahan) ng inyong munisipyo.

2) Ibang Tulong Pinansyal

May sistema na pinapasan o binabayaran ng pamahalaan bilang gastusing pampubliko ang mga gastusin o bayarin sa pagpapagamot ng mga sakit o karamdaman tulad ng batang ipinanganak na wala pa sa panahon, batang may kapansanan, may ispesyal na talamak o kronik na sakit (hindi gumaling-galing na sakit) at iba pa. Para sa detalye, sumangguni sa public health center (⇒ Nasa Ⅸ-3 81 ang listahan) o welfare office (⇒ Nasa Ⅸ-1 64 ang listahan).